

Pagpapayo sa mga pamilya tungkol sa COVID-19

Binago noong Hunyo 2021

Kami ay masusing nakikipagtulungan sa Pangunahing Komite para sa Proteksyon sa Kalusugan ng Australya (Australian Health Protection Principal Committee (AHPPC)), Kalusugan NSW at iba pang mga ahensya upang masiguro na ang ating mga paaralan ay patuloy na gumagana sa pinakaligtas na posibleng paraan sa kapaligiran ng COVID-19.

Binagong payo mula sa Kalusugan NSW

Ang mga pagbabago sa impormasyon tungkol sa COVID-19 ay palagi ibinibigay. Ang mga pamilya ay hinihimok na subaybayan ang mga sumusunod na website para sa pinakabagong impormasyon sa website ng Pamahalaan ng NSW ([NSW Government website](#)).

Kung sakaling may mga kautusan na manatili sa bahay na ipinatutupad ng Kalusugan NSW dahil sa pagsiklab ng COVID-19 maaaring magkaroon ng mga pagbabago sa pagpapatakbo ng mga paaralan. Mangyaring tanungin ang iyong paaralan tungkol sa mga pagbabago sa pagpapatakbo at sundin ang lahat ng payo na ibinigay ng mga kawani sa iyong paaralan, kabilang na ang hindi pagpasok sa bakuran ng paaralan para sa mga hindi kinakailangang layunin kung hiniling.

Pag-aaral mula sa bahay

Ang mga estudyante ay susuportahan na [mag-aral mula sa bahay](#) sa mga sumusunod na kalagayan:

- Kung sila ay kailangang magbubukod ng sarili dahil sa pagiging isang malapitang kontak ng isang positibo o hinihinalang kaso ng COVID-19.
- Kung saan ang paaralan ay inutusan sa ilalim ng payo sa kalusugang pampubliko na manatiling gumagana lamang para sa on-site na pag-aaral ng mga anak ng mga pangunahing manggagawa (essential workers) dahil sa pagsiklab ng COVID-19.

Ang pag-aaral mula sa bahay ay may maraming anyo, kabilang ang mga mapagkukunang sa online at offline at mga nakalimbag na materyales katulad ng worksheet at mga mapagkukunan.

Payo ng pagdalo habang nag-aaral ng on-site

Alinsunod sa payo mula sa Kalusugan NSW, ang mga magulang at mga tagapag-alaga ay pinapalalalahanan na **HINDI** papasukin ang mga bata sa paaralan kung sila ay may karamdaman, kahit na sa mga pinakamaliit na sintomas na parang trangkaso.

Humiling ang Kalusugan NSW na himukin ng mga paaralan ang sinumang may karamdaman o kahit na sa mga pinakamaliit na sintomas ng parang trangkaso na magpasuri sa pamamagitan ng kanilang lokal na manggagamot o sa mga klinika ng COVID-19 ([COVID-19 clinics](#)).

Ang mga estudyante at kawani na may mga sintomas na parang trangkaso ay kailangang magpasuri at magbigay ng isang kopya ng negatibong resulta ng pagsuri sa COVID-19 at kailangang walang sintomas bago payagang bumalik sa paaralan.

Ang mga estudyante na hindi nagpasuri sa COVID-19 ay hindi papayagan na bumalik sa paaralan sa loob ng 10 araw. Bilang karagdagan, dapat wala silang sintomas nang hindi bababa sa 3 araw bago bumalik sa paaralan.

Payo ng pagdalo habang nag-aaral nang on-site (patuloy)

Ang mga estudyante na may pana-panahong allergic rhinitis o ibang kondisyon na nagpapakita ng katulad sa mga sintomas na parang trangkaso ay kinakailangan pa ring magpasuri para sa COVID-19 at makatanggap ng isang negatibong resulta ng pagsusuri. Kung ang kanilang mga sintomas ay nagpapatuloy ng mahigit sa 10 araw, ang mga estudyante ay kailangang magbigay ng dokumentasyon mula sa kanilang doktor na kinukumpirma na ang kanilang sintomas ay karaniwan para sa kanilang kalagayan. Kung ang estudyante ay nagkaroon ng panibago o nagbago ang mga sintomas, kailangan nilang magpasuri para sa COVID-19. Maghanap ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga sintomas ng COVID-19 ([COVID-19 symptoms](#)).

Ang pagpasuri para sa COVID-19 para sa mga estudyante na mayroong kumplikadong kalusugan o kapansanan ay maaaring maging mapaghamon. Sa mga sitwasyong ito, hihilingin ng mga paaralan sa magulang o tagapag-alaga na ang kanilang anak ay kailangang masuri ng kanilang doktor. Kung saan ipinasiya ng isang manggagamot na ang isang pagsusuri sa COVID-19 ay hindi kailangan, ang dokumentasyon ay dapat ibigay sa paaralan upang kumpirmahin na ang estudyante ay walang mga sintomas upang kailangan ng isang pagsusuri sa COVID-19. Kailangan ding ipahiwatig ng sertipiko na ang estudyante ay makakabalik sa paaralan.

Isang paalala para sa lahat ng mga paaralan at pamilya

Mahalaga na ang mga paaralan at pamilya ay patuloy na sumusunod sa mga patnubay laban sa COVID-19. Lalo naming nais na bigyang-diin ang mga sumusunod:

- Dapat ipatuloy ng mga paaralan na:
 - magpatupad ng personal na kalinisan, pisikal na distansya, mga kagawian ng paglilinis at pagtatala.
 - kung saan maaari, gumamit ng mga panlabas na lugar, kung pinapayagan ng panahon, o malawak na lugar upang magkaroon ng sapat na pisikal na distansya.
 - tiyakin na ang lahat ng mga bisita sa isang lugar ng paaralan ay malusog at walang sintomas, sumusunod sa mga pag-aayos sa pag-sign-in kabilang ang pagkilala na susunod sila sa [mga kinakailangan ng COVID-19 para sa mga bisita, kontratista at nagbibigay ng serbisyo](#) tuwing sila ay bibisita. Lahat ng mga bisita ay kinakailangan ding mag-check in gamit ang Service NSW QR code. Ang mga magulang at mga tagapag-alaga na naghahatid o sumusundo sa mga estudyante ay hindi kailangang mag-sign in o gamitin ang Service NSW QR code.

Pagsuot ng mga maskara at pag-screen ng temperatura

Ang sinumang nagnanais na magsuot ng kanilang sariling maskara sa paaralan ay hindi pipigilan na gawin ito.

Sa mga panahon kung saan ang mga Kautusan sa Kalusugang Pampubliko ay inaatasan ang pagsuot ng mga maskara sa pampublikong transportasyon, ang mga estudyante na may edad na 13 taong gulang at mahigit ay dapat sumunod sa utos na ito. Ang mga kawani ay dapat ding sumunod sa kautusang ito kapag naglalakbay sa pampublikong transportasyon pati na rin sa mga pag-iskursiyon sa pampublikong transportasyon o sa pamamagitan ng rinentahan o serbisyo ng pribadong transportasyon.

Ang malawakang pag-screen ng temperatura ay hindi kailangan o inirerekomenda sa mga paaralan.

Mga gamit sa paglilinis at kalinisan sa paaralan

Ang iyong paaralan ay patuloy na makakatanggap ng karagdagang paglilinis alinsunod sa mga patnubay ng AHPPC at payo mula sa Kalusugan NSW. Ang mga tinututukang bahagi ay kabilang ang mga palaging hinahawakan at iba pang matitigas na panig, hawakan ng pintuan, locker, pindutan ng ilaw at hawakan ng mga hagdanan at mga nadadaanang lugar. Magkakaroon din ng mga karagdagang paglilinis sa mga banyo at inuman at pagdaragdag ng mga gamit katulad ng sabon.

Ang mga paaralan ay magpapatuloy na magbigay ng mga produkto sa kalinisan kabilang ang likidong sabon, hand sanitiser, paper towel, surface spray at disinfectant wipes.

Pagtugon sa mga kaso ng COVID-19

Mayroong isang nakalagay na malinaw na plano para sa mga paaralan sa pagtugon ng anumang pinaghihinalaan o kumpirmadong kaso ng COVID-19 sa ating mga paaralan. Kami ay masusing nakikipagtulungan kasama ang Kalusugan NSW at ipapabatid sa mga magulang kung may naganap na sitwasyon. Basahin ang higit pa tungkol sa aming mga pamamaraan sa Pagtugon para sa kaso ng COVID-19 ([Response protocols for COVID-19 cases](#)).

Transportasyon

Ang mga serbisyo ng bus papunta at galing sa mga paaralan ay patuloy na tumatakbo nang normal. Para sa payo sa pagbibiyaha papunta at galing sa paaralan, sumangguni sa Transportasyon para sa NSW ([Transport for NSW](#)).

Serbisyo ng Pag-iinterpretar sa Telepono

Kung kailangan mo ng karagdagang impormasyon, mangyaring tawagan ang iyong punong guro ng paaralan. Kung kailangan mo ng isang interpreter na tutulong sa iyo sa iyong pagtatanong, mangyaring tawagan ang Serbisyo ng Pag-iinterpretar sa Telepono sa 131 450 at hilingin ang isang interpreter sa iyong wika. Hindi ka sisingilin ng bayad para sa serbisyong ito.